

# Nababahala tungkol sa Pagyabong (Development)?

## Paano Makakuha ng Tulong para sa Iyong Anak



Help Me Grow | LA

Ang pakikipag-usap sa doktor ay ang unang hakbang patungo sa pagkuha ng tulong para sa iyong anak kung nababahala ka tungkol sa kanyang pagyabong (kung paano naglalaro, natututo, nagsasalita, kumikilos, o gumagalaw ang iyong anak). Huwag maghintay. Ang pagkilos ng maaga ay makakagawa ng talagang kaibahan!

### 1 Gumawa ng pakikipagtipan (appointment) sa doktor ng iyong anak

- Kapag nag-iskedyul ka ng pakikipatipan, sabihin sa kawani ng doktor na mayroon kang mga alalahanin tungkol sa pagyabong ng iyong anak na gusto mong talakayin sa doktor.

### 2 Kumpletuhin ang isang listahan ng mahahalagang yugto (milestone)

- Bago ang pakikipagtipan, kumpletuhin ang isang listahan ng mahahalagang yugto sa pamamagitan ng pag-download sa libreng [Milestone Tracker mobile app](#) ng CDC mula sa App Store o Google
- Isulat ang iyong mga katanungan at alalahanin; dalhin ang mga ito sa pakikipagtipan sa doktor.

### 3 Sa panahon ng pakikipatipan sa doktor

- Ipakita ang nakumpletong listahan ng mahahalagang yugto sa doktor
  - > Kung may nagkukulang na mga mahahalagang yugto ang iyong anak, banggitin ang mga ito, at ibahagi ang anumang iba pang mga alalahanin mo.
  - > Kung walang nagkukulang na mga mahahalagang yugto ang iyong anak ngunit mayroon ka pa ring mga alalahanin, sabihin sa doktor ang tungkol sa mga ito.
- Magtanong sa doktor tungkol sa pagsasala (screening) sa pagyabong para sa iyong anak
  - > Inirerekomenda ang pagsasala sa pagyabong sa tuwing may alalahanin. Nagbibigay ito sa doktor ng karagdagang impormasyon upang malaman kung paano pinakamahusay na matulungan ang iyong anak.
  - > Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasala sa pagyabong, pumunta sa [www.cdc.gov/DevScreening](http://www.cdc.gov/DevScreening).
- Tanungin ang doktor kung nangangailangan ang iyong anak ng karagdagang pagsusuri sa pagyabong
  - > Kung kailangan ito ng iyong anak, humingi ng pagsasanggunian (referral) at tumawag kaagad. Kung nahihirapan kang makakuha ng pakikipagtipan, ipaalam ito sa doktor.

### 4 Sigurduhing naiintindihan mo ang sinasabi sa iyo ng doktor, at kung ano ang susunod na gagawin

- Bago ka umalis sa tipanan, suriin ang mga naitala na naisulat mo at siguraduhing nasagot ang lahat ng iyong mga katanungan.
- Kung may hindi ka naiintindihan na mga bagay, hilingin sa doktor na ipaliwanag ito muli o sa ibang paraan.
- Pag-uwi mo, suriin ang iyong mga naitala at sundin ang mga hakbang na ibinigay ng doktor sa iyo. Tandaan, maaari kang makipag-ugnayan palagi sa opisina ng doktor kung mayroon kang anumang mga katanungan.

## Ikaw Ang Pinaka-Nakakakilala Sa Iyong Anak

Kung sinabihan ka ng doktor ng iyong anak na “maghintay para malaman,” ngunit hindi ka mapalagay sa payong iyon:

Makipag-usap sa iba (doktor, guro, iba pang tagapagbigay ng serbisyo) upang makakuha ng pangalawang opinyon

### AT

Tumawag para sa libreng pagsusuri upang malaman kung makakuha ang iyong anak ng libre o murang mga serbisyong makakatulong.

Kung wala pang 3 taong gulang ang iyong anak:

Tawagan ang Maagang Simula ng interbensiyong programa (Early Start intervention program) ng iyong estado.

Hanapin ang numero ng telepono sa

[www.cdc.gov/FindEI](http://www.cdc.gov/FindEI)

Kung ang iyong anak ay 3 taong gulang pataas:

Tumawag sa lokal na pampublikong paaralang elementarya.

Hindi mo na kailangan ang pagkukuha ng pagsasanggunian (referral) ng doktor sa pagpapasuri sa iyong anak para sa mga serbisyo.

Huwag maghintay. Ang pagkilos ng maaga ay makakagawa ng talagang kaibahan!

**Makipag-ugnayan:** Tumawag sa 833.903.3972, bisitahin ang [HelpMeGrowLA.org](http://HelpMeGrowLA.org), o magtanong sa iyong doktor para sa mas marami pang impormasyon.

